

Ano ang Magna Karta ng Kababaihan? (RA 9710)

Ang Magna Karta ng Kababaihan ay isang komprehensibong batas para sa karapatang pantao ng mga kababaihan na naglalayong wakasan ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan sa pamamagitan ng pagkilala, paggalang, pangangalaga, pagbibigay katuparan at pagpapalaganap ng mga karapatan ng kababaihan, lalo't higit ang mga kababaihang nabibilang sa sektor na naisasantabi o di napakikinggan (marginalized sector).

Ano ang diskriminasyon laban sa kababaihan?

Anumang uri ng pagbubukod, pagsasantabi o pagbabawal dahil sa pagiging babae ng isang tao, na nagdudulot ng 'di pagkilala, 'di pakikinabang o 'di pagtatamasa ng pantay at makataong karapatan at kalayaan, anuman ang katayuan sa buhay, sa aspeto ng buhay pulitika, pangkabuhatan, panlipunan, sibil, pangkultura at iba pa:

Anumang batas, polisiya, patakarang administratibo, o kalakaran na tuwiran o di tuwirang nagsasasantabi o pumipigil sa pagkilala at pagtangkil sa karapatan ng kababaihan at sa pananamasa sa oportunidad, benepisyo at mga pribilehiyo;

Anumang patakaran o kalakaran na 'di nagtatakda ng mekanismo upang tugunan ang pisikal at iba pang kondisyon na naglalagay ng limitasyon sa kababaihan, na nagesulta sa kawalan o limitadong pagkakataon upang matamasa nila ang mga karapatan, benepisyo o pribilehiyo; o kung saan ang negatibong epekto ay higit na nararanasan ng kababaihan kumpara sa kalalakihan;

Iba pang uri ng diskriminasyon na may kaugnayan sa iba pang batayan, o kondisyon gaya ng etnisidad, edad, kahirapan o relihiyon.

"All individuals are equal as human beings by virtue of the inherent dignity of each human person. No one, therefore, should suffer discrimination on the basis of ethnicity, gender, age, language, sexual orientation, race, color, religion, political, or other opinion, national, social, or geographical origin, disability, property, birth, or other status as established by human rights standards". (MCW, Sec. 3)

Ano-ano ang mga karapatan ng kababaihan na tinitiyak sa ilalim ng Magna Karta ng Kababaihan?

Ang lahat ng mga karapatan na nakasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas at iba pang karapatan na nakasaad sa mga pandaigdigang kasunduan na niratipikahan at nilagdaan ng Pamahalaang Pilipinas, na tumutugma sa mga batas ng ating bansa, ay maituturing na mga karapatan ng kababaihan sa ilalim ng Magna Karta ng Kababaihan. Ang mga karapatang ito ay dapat matamasa ng walang diskriminasyon, sapagkat ipinagbabawal ng batas ang diskriminasyon laban sa kababaihan, ito man ay kagagawan ng mga pampubliko at pribadong grupo o indibidwal.

Napapaloob sa Magna Karta ng Kababaihan ang mga sumusunod na karapatan ng kababaihan:

Proteksyon sa lahat ng uri ng karahasan, kabilang ang karahasan na ginawa ng Estado o Pamahalaan

Bahagi nito ang patuloy na pangangalagat at pagsasanay ng kababaihan sa mga ahensya ng pamahalaan na direktang tumutugon sa pangangailangan ng mga biktima ng karahasan laban sa kababaihan. Sinisiguro rin nito ang obligasyon na magkaroon ng pagsasanay hinggil sa karapatang pantao at usaping pangkasarian sa lahat ng kawani ng gobyerno na may kinalaman sa pagbibigay proteksyon at pagtatanggol sa kababaihan laban karahasan.

VAW DESK



Inaatasan din nito ang lokal na pamahalaan na magtatag ng "Violence Against Women Desk" sa bawat barangay upang tumugon sa mga kaso ng karahasan sa kababaihan (Mga taga-pagpatupad na ahensya: CSC, DBM, NAPOLCOM, NBI, DOJ, OPAPP, DND-AFP, DSWD, DILG, DepEd, DOH, NCIP, NCMF, PCW, CHR, PNP, CHED, LGUs);

Proteksyon at seguridad sa panahon ng sakuna, kalamidad at iba pang sitwasyon na may krisis

lalo na sa lahat ng yugto ng pagbibigay tulong, pagbangon, rehabilitasyon, at pagtatayong muli ng mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng tulay, kalsada at pabahay; kabilang ang proteksyon sa sekswal na pagsamantala at iba pang pang-aabuso sa kababaihan. (INDORRM, DSWD, DND-OCD, DILG, LGUs);



Partisipasyon at representasyon

Kabilang ang pagtatakda ng pansamantalang hukbongin o programa (Temporary special measures) upang mapabilis at matiyak ang pantay na partisipasyon at representasyon ng kababaihan sa 3rd level na posisyon sa pamahalaan (50-50 gender balance), sa lahat ng "development councils" at "planning bodies" (40% membership), gayundin sa mga partido-pulitikal at internasyunal na sangay, kabilang ang pribadong sektor (CSC, CESB, RDCs, DFA, DTI, DSWD, COMELEC, Local Chief Executives);



Patas na pagtrato ng hustisya at ng batas

Kabilang ang pagsasaliksik ng pamahalaan at kung kinakailangan, ang pagsusog o pagpapawalang-bisa ng mga batas na nagdudulot ng diskriminasyon sa kababaihan (Congress, Executive-Legislative body);



Patas na karapatan at pagsugpo sa diskriminasyon laban sa kababaihan sa edukasyon, libheng pag-aaral, at mga pagsasanay



Kabilang dito ang pagrebisa ng mga "educational materials" at kurikulum upang alisin ang "gender stereotypes" o pagkakahon. Ipinagbabawal rin ang mga regulasyon na nagpapatalisik o nagbabawal sa mga kababaihang guro at estudyante na magpatuloy magturo o mag-aral dahil sa pagdadalanta ng hindi kasal (DepEd, CHED, TESDA, DOJ, DSWD, CHR, PNP, LGUs);

Patas na partisipasyon sa mga palaro at gawaing pampalakasan

Kabilang dito ang pagkaroon ng mga pamamaraan upang matiyak na walang diskriminasyon sa mga kompetisyong pampalakasan; upang matiyak na makikinabang ang mga batang babae at kababaihan sa pagunlad ng mga palakasan (PSC, GAB, DepEd, CHED, SUCs, sports-related organizations);



Pagwawaksi ng diskriminasyon sa kababaihan na nasa hukbong sandatahan, kapulisan at iba pang katulad na serbisyo

Kabilang dito ang pagbibigay ng magkahalintulad na pribilehiyo at oportunidad tulad ng pagtaas ng sahod, dagdag benepisyo, at pagtanggap ng parangal at pabuya ayon sa kakayahan at kalidad ng panunungkulan. Ang dignidad ng kababaihan sa hukbong sandatahan, kapulisan, at iba pang katulad na serbisyo ay nararapat na igtalang. Dapat kilalanin na katulad ng sa kalalakihan ang and kanilang kapasidad na pumasok sa mga kasunduan o kontrata tulad ng pag-aasawa, at mapakinabangan ang mga benepisyo tulad ng "leave at maternity benefits" na ipinagkakaloob sa ilalim ng umiiral na batas. Bahagi rin nito ang pagrebisa o abolisyon ng mga nakagawian at mga polisiya na humahadlang sa kababaihan upang makilahok sa mga pagsasanay sa pakikipaglaban, na ibinibigay sa kalalakihan; o pagtanggap ng ibang pang tungkulin maliban sa pang administratibong gawain (DND, DILG, PNP, PPS, DOJ, PMA, OCS, LGUs);



NON-DEROGATORY NON-DISCRIMINATORY



Patas, marangal at balanseng pagsasalawian sa imahe ng kababaihan sa media at pelikula

upang maitaas ang kamalayan ng publiko sa pagkilala sa dignidad, sa papel ng ginagampanan at ambag ng kababaihan sa pamilya, komunidad, at sa lipunan sa pamamagitan ng mahusay na pamamaraan sa paggamit ng mass media (OPS, NTC, MTRCB, FAP, FDCP, OMB, NCCA, women's media, NGOs, LGUs);

Komprehensibong serbisyo at impormasyong pangkalusugan na angkop sa bawat yugto ng buhay ng babae (life cycle), at tugugon sa pangunahing dahilan ng pagkamatay at pagkakasakit ng mga kababaihan.

Kabilang dito ang pangangalaga sa mga ina, responsable, wasto, legal, ligtas at epektibong pamamaraan ng pag-paplano ng pamilya; at pag-hikayat sa mga gawain tungo sa malusog na pamumuhay upang maiwasan ang karamdaman. (DOH, DepEd, CHED, PhilHealth, DOLE, LGUs);



Special leave benefits katumbas na dalawang (2) buwang sahod para sa kababaihang manggagawa na sumailalim sa operasyon dulot ng "gynecological disorders"; sa kundisyon na sila ay nakapagtrabaho ng 'di bababa sa anim (6) na buwan sa huling labing-dalawang (12) buwan sa kanilang trabaho (CSC, DOLE); at



Pantay na karapatan sa lahat ng usaping sa pag-aasawa at ugnayanang pampamilya.

Dapat tiyakin ng Estado ang pantay na karapatan ng lalaki at babae sa pagdedesisyon ng pagpapakasal at pagpapawalang bisa nito; sa malayang pagpili ng mapangasawa; na magdesisyon sa dami ng anak at agwat ng pagbubuntis; pagtamasa ng personal na karapatan, kabilang ang pagpili ng propesyon; magkaroon at mamahala ng mga ari-arian; at tumanggap, magpalit o magpanatili ng personalidad. Nakasaad rin dito na ang kasunduan at pagkakasal sa isang bata ay 'di kinikilala ng batas (DSWD, DOH, POPCOM, Supreme Court, DOJ, IBP, LGUs).

Ginagarantiya din ng Magna Karta ng Kababaihan ang mga sumusunod na karapatang sibil, pulitikal at pang ekonomiya ng mga kababaihang kabilang sa sektor na naisasantabi o di napakikinggan (marginalized sector)

- Seguridad sa pagkain at sa pinagkukunan at kagamitan sa produksyon nito** kabilang rin ang pantay na karapatan sa pagmamay-ari ng lupa at pagbibigay ng pagkakataong pangasiwaan ang lupang sinasaka (DA, BFAR, NFARM, BPRE, PFDA, NDA, ATI, DOST, DOST-ITDI, DTI, FDA, DOE, DAR, DENR, DOT, DPWH, LRA, NCIP, TESDA, SUCs/HEIs, LGUs);
- Ligtas at abot-kayang pabahay sa komunidad na madaling puntahan** kabilang ang konsultasyon at pakikilahok ng mga kababaihan sa pagpapaulad at pagpapalano sa komunidad (HUDCC, NHA, HGC, NHMFC, SHFC, HLRB, HDMF, PCUP, LGUs);
- Disenteng trabaho** kabilang ang paglikha ng mga trabaho na may katanggap-tanggap na kundisyon sa kalayaan, pagkaka pantay-pantay, seguridad, at dignidad (DOLE, CSC, POEA, OWWA, DTI, DFA, NAPC);

Trabaho, hanapbuhay o pagkikitaan, pautang, puhunan at teknolohiya (DOLE, DOF, DTI, DOST, DSWD, DA, DOF, DAR, DENR, TESDA, NAPC, NCIP, BSP, PCFC, GFIs, MFIs, TRC, and other BSOs, GSSS, SSS);

Pagsasanay para sa mga kababaihang magtatrabaho sa ibang bansa o sa mga nagbabalik-trabaho sa ating bansa; at pantay na pagkakataon sa mga iskolarship lalo na sa pananaliksik at pagpapaulad ng mga teknolohiya sa pagsasaka na nagsasaalang-alang sa pisikal na kakayahan ng kababaihan (DOLE, at mga kaugnay nitong ahensya at iba pang opisina);

Representasyon at pakikilahok sa pagbubuo o paggawa ng mga desisyon at polisiya sa rehiyon, pambansa, nasyunal at pandaigdigang antas (PARC, PARCCOM, BARC, community-based resource management bodies mechanisms, NAFC, NFARM, NCIP, PCUP, LHIs, NAPC Basic Sectoral Councils);

Pagkuha ng impormasyon hinggil sa mga polisiya na may kinalaman sa mga programa, serbisyo at pondong nakalaan dito na nakaka-apekto sa kababaihan (ALL GOVERNMENT AGENCIES, LGUs);

"Social Protection" upang makatulong sa pag-ahon sa kahirapan at maingat ang antas ng pamumuhay ng mga kababaihan sa "vulnerable sector" (DSWD, DA, DOLE, POEA, OWWA, DTI, DFA, SSS, GSSS, PhilHealth, BSP, NAPC, NCDA, disaster coordinating councils, LGUs);

Pagkilala at pagpapanatili ng kultura at tradisyong nakagisnang na ang mga lito ay hindi magiging sanhi ng diskriminasyon sa kababaihan (NCCA, NCIP, NCMF, RCBW-ARMM, CHED, DepEd);

Pagiging bahagi sa mga usaping pangkapayapaan at pag-unlad (OPAPP, PCW, CHR, RCBW, BCH-ARMM, NCIP, DepEd, CHED, SUCs, AFP, PNP, TESDA, DSWD, DOH, LGUs);

Serbisyo at pagkalinga sa kababaihang naipit sa krisis at iba pang mahirap na sitwasyon (Women in Especially Difficult Circumstances) or WEDC (DSWD, DOLE, TESDA, DOH, DOJ, CHR, PNP, BJMP, BuCor, PPR, NBI, BL, LGUs);

Proteksyon ng mga batang-babae laban sa lahat ng uri ng diskriminasyon sa larangan ng edukasyon, kalusugan, nutrisyon at sa pagpapaulad ng kasayanan (JCWC, ECCD, DepEd, NCIP, NCMF, CHED, TESDA, DILG, RCBW, BCH-ARMM, LGUs, LCPCs); at

Proteksyon ng nakatatandang kababaihan sa kirahasan, pagpapabaya, at iba pang uri ng pang-aabuso (JOSCA, DSWD, DOH, LGUs).